Hunyo 2, 2023

# Lungsod ng Brampton iho-host ang Hunyo 8 Tele Town Hall tungkol sa Pagtibag sa Rehiyon ng Peel

BRAMPTON, ON – Iniimbitahan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente at mga negosyo na sumali sa Tele Town Hall sa Hunyo 8 upang pag-usapan ang pasya ng Pamahalaan ng Ontario na tibagin na ang Rehiyon ng Peel sa 2025 at kung ano ang kahulugan ng patas na pagtibag o *fair dissolution* para sa Brampton.

Ang mga Miyembro ng Konseho at ang staff ng Lungsod ay gustong makatanggap ng input mula sa mga residente ng Brampton tungkol sa proseso ng pagtibag, na magsasabi sa posisyon ng Brampton sa adbokasiya sa hinaharap sa probinsya at malapit nang iaanunsyo sa Transition Board.

Noong Mayo 18, 2023, pinasimulan ng Lalawigan ng Ontario ang Bill 112 - The Hazel McCallion Act (Peel Dissolution), 2023 na may layunin na pasimulan ang Brampton, Caledon at Mississauga bilang single-tier na mga munisipalidad at tibagin ang Rehiyon ng Peel bago lumipas ang Enero 1, 2025.

Iha-highlight ng Lungsod kung paano nasuportahan ng mga residente ng Brampton ang paglago ng Mississauga, sa pamamagitan ng Rehiyon ng Peel mula 1974, at ibabalangkas ang mga halaga at gastos na inaasahan ng Lungsod na ire-reimburse sa pamamagitan ng proseso ng pagtibag.

Ang mga dadalo sa Tele Town Hall ay iho-host ni Mayor Patrick Brown, at kinabibilangan nina:

- Michael Palleschi, Chair, Planning & Development; Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6
- Marlon Kallideen, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton
- Steve Ganesh, Commissioner, Planning Building & Growth Management, Lungsod ng Brampton
- Nash Damer, Treasurer, Lungsod ng Brampton

**I-save ang petsa - Tele Town Hall ng Lungsod ng Brampton tungkol sa Pagtibag sa Rehiyon ng Peel**
Huwebes, Hunyo 8 8-9:30pm

Sumali sa pamamagitan ng Telepono

I-register ang numero ng inyong telepono para kumpirmahin ang paglahok at tumanggap ng tawag sa gabi ng Hunyo 8 sa Let's Connect Brampton.

Sumali Online
Pwede ring makikinig online ang mga residente sa gabi.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton

multiculturalmedia@brampton.ca